

Magsalita at magsagawa ng reklamo

**May mga
karapatan ka!**

Palaging okey na magsalita
kung sinasaktan ka o
kung hindi ka masaya
sa paraan ng pagtrato
sa iyo.



**Mahalaga na magsalita.
Maaari itong gumawa ng kaibahan.**



Australian Government
National Office for Child Safety

Ano ang reklamo?

Ang reklamo ay maaaring tungkol sa kahit ano – isang serbisyo ng organisasyon, ang paraan kung paano kumikilos ang kawani o ibang bata o kabataan, o ang paraan kung paano pinamamahalaan an isang problema.

Magsalita...

- Kung hindi ligtas ang iyong pakiramdam.
- Kung sinasaktan ka.
- Kung hindi ka masaya sa paraan ng pagtrato sa iyo.

**Kailangan ng tapang upang magsagawa ng reklamo
Hindi kailangang isang negatibong karanasan ito.**



Palaging okey na magsalita.

Paano magsagawa ng reklamo...

1 Maghanap ng suporta

Humiling mula sa taong pinagkakatiwalaan mo. Kagaya ng magulang, kaibigan, tagapag-alaga, guro o oach. Maaari kang magsagawa ng reklamo nang sarili mo o maaari silang sumuporta sa iyo upang gawin ito. Maaari ka ring kumuha ng isang tao na nagsasalita sa iyong wika upang tumulong sa iyo.

Ang taong sumusuporta sa iyo ay makakatulong sa iyo na malaman kung paano makagawa ng reklamo...

Makipag-usap sa isang tao na pinagkakatiwalaan mo sa organisasyon o lugar kung saan naroroon ang problema at tingnan ang kanilang website upang malaman ang kanilang pamamaraan sa pamamahala ng mga reklamo.

Iba't ibang paraan upang ikaw ay makagawa ng reklamo:

- nang harapan
- sa pamamagitan ng telepono
- sa pamamagitan ng pagsulat
- online.

2 Sabihin

sa taong sumusuporta sa iyo

Subukang maging malinaw tungkol sa iyong problema.

- Bakit hindi ka masaya?
- Ano ang naging pakiramdam mo sa problema?
- Ano ang tutulong upang malutas ito?

3 Magsagawa

sa iyong reklamo

Maaaring makaramdam ka ng kaba, pag-aalala o pagkabalisa, pero subukan laman ang iyong makakaya.

Ikaw o ang taong sumusuporta sa iyo ay maaaring magsulat ng mga tala upang maalala kung ano ang sinabi. Maaari ka ring magtanong:

- Sino ang sasabihan tungkol sa iyong reklamo?
- Ano ang mangyayari sa susunod?
- Sino ang magpa-follow up at babalik sa iyo?
- Gaano katagal ito?
- Ano ang magagawa mo kung ang problema ay hindi maayos at hindi ka pa rin masaya?
- Paano nila masisiguro na hindi mag-iiba ang pagtrato sa iyo dahil nagsagawa ka ng reklamo?

Ang mga taong nasa hustong gulang ay dapat makinig palagi sumagot sa iyong mga tanong at tratuhin ka nang may paggalan.

Ibang mga organisasyon na maaari mong puntahan:

Pagpapayo online at sa telepono para sa sa mga bata at mga kabataan

Kids Helpline – 1800 55 1800 o
counsellor@kidshelpline.com.au

Suporta sa kalusugan ng pag-iisip para sa sa mga bata at mga kabataan

headspace and eheadspace – headspace.org.au

Mga reklamo hinggil sa isang organisasyon ng pamahalaan

Mag-search online sa opisina ng Ombudsman
sa iyong Estado o Teritoryo

Impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga bata

Australian Human Rights Commission
(Komisyon ng Karapatang Pantao ng Australia) –
childsafe.humanrights.gov.au

Payo para sa mga magulang

Parentline o katumbas sa iyong Estado o Teritoryo
parentline.com.au

Tulong para sa mga taong hindi nagsasalita sa Ingles

Translating and Interpreting Service
(TIS) National – tisonational.gov.au

Contact details:

childsafety.pmc.gov.au/children-speak



Australian Government
National Office for Child Safety